

Pebrero 28, 2022

Departamento ng Pag-unlad sa Trabaho, Sinamahan ang Mga Komunidad sa California sa Pagpapahusay ng Serbisyo sa Maraming Wika

SACRAMENTO—Inanunsyo ng Departamento ng Pag-unlad sa Trabaho (Employment Development Department, EDD) ngayong araw na may pinasok itong kasunduan kasama ng mga kinatawan mula sa iba't ibang komunidad sa California na magpapahusay sa serbisyo sa customer sa maraming wika para sa kapakinabangan ng mga nawalan ng trabaho.

"Makikipagtulungan ang Departamento ng Pag-unlad sa Trabaho sa mga komunidad sa California para magbigay ng impormasyon at suporta sa maraming wika," pahayag ni Director Nancy Farias ng EDD. "Isa sa limang Californian ang nakikipag-ugnayan sa mga wikang iba pa sa Ingles, kaya mahalagang makipag-ugnayan ang EDD sa mga customer sa maraming wika."

Sa ilalim ng kasunduan, ipagpapatuloy ng EDD ang mga pagsisikap nitong tukuyin ang mga kagustuhan sa wika ng customer, magdaragdag ito ng higit pang nakalaang linya ng telepono na may mga ahenteng nagsasalita ng iba't ibang wika, at papalawakin nito ang nakasulat na pagsasalin ng mahalagang impormasyon ng insurance para sa nawalan ng trabaho at mga online na resource, kasama ang mga aplikasyon. Bubuo rin ang EDD ng tagapayong lupon na nakakapagsalita ng iba't ibang wika para matiyak na makakaabot ang impormasyon sa mga komunidad ng California na may iba't ibang background. Kasama sa iba pang pangunahing investment ang:

- Tuluy-tuloy na libreng serbisyo ng interpreter ng wika para sa mga claimant ng insurance para sa nawalan ng trabaho sa anumang wika na hihilingin ng claimant.
- Pagpapalawak sa mga kasalukuyang linya ng telepono na available sa iba't ibang wika para sa insurance para sa nawalan ng trabaho mula sa Cantonese, Ingles, Mandarin, Spanish, at Vietnamese, para isama ang Armenian, Korean, at Tagalog para may mga nakalaang linya ng telepono para sa EDD ang mga pangunahing wika na hindi Ingles sa California.
- Pagsasalin ng mahahalagang dokumento ng insurance para sa nawalan ng trabaho para sa mga claimant sa nangungunang 15 wika na hindi Ingles na ginagamit sa California: Arabic, Armenian, Cantonese, Farsi, Hindi, Japanese, Khmer (Cambodian), Korean, Mandarin, Punjabi, Russian, Spanish, Tagalog, Thai, at Vietnamese.

Naaayon ang kasunduan ngayong araw sa pangunahing pagpapalawak sa access sa wika ng EDD na isinasagawa na sa kasalukuyan at sinusuportahan ng isang [suhestyon sa badyet ng access sa wika](#) at reform sa lehistlatura mula sa [AB 138](#).

Bumubuo rin ang EDD ng portal para sa pag-access ng website na nasa maraming wika na magpapadali sa pag-access ng maraming customer ng mga serbisyo at impormasyon sa kanilang mga gustong wika. May binubuo rin ang EDD na Tanggapan

para sa Access sa Wika para mas mapalawak pa ang pagsasalin ng wika at mga serbisyo ng interpreter. Ang Departamento ay [aktibong nagre-recruit](#) para makumpleto ang staff para sa pagsisikap na ito. May inilunsad rin ang EDD na isang \$2 milyong programa ng grant sa pag-access ng wika na ibibigay sa sampung programa ng organisasyon sa komunidad.

Nag-aalok na ngayon ang EDD ng mga propesyonal na serbisyo ng interpreter ng wika sa pamamagitan ng mga call center na ito. Nagbibigay ang serbisyong ito sa mga claimant ng mga libreng kwalipikadong interpreter na nakakapagsalita ng mahigit sa isang daang wika. Magagawa na rin ngayon ng mga customer na isaad ang wikang gusto nilang gamitin sa UI Online para makapaghatid ang EDD ng pinahusay na serbisyo sa customer.

Ang California ang estadong may pinakamaraming wika sa bansa, at humigit-kumulang kalahati sa mga residente nito ang nagsasalita sa bahay ng wikang iba pa sa Ingles. Sinanay ng EDD ang lahat ng staff ng call center sa insurance para sa nawalan ng trabaho sa pagbibigay ng mga propesyonal na libreng interpreter ng wika sa sinumang claimant na nangangailangan ng tulong sa wika.

Makakahingi ng tulong ang mga Californian sa mga claim sa insurance para sa nawalan ng trabaho mula 8 a.m. hanggang 8 p.m. (Pacific time), pitong araw sa isang linggo, maliban sa mga holiday ng estado. Simula sa Marso 3, magbabago ang mga oras na bukas ng Center ng Serbisyo sa Customer para sa Nawalan ng Trabaho, at ito ay magiging 8 a.m. hanggang 7:00 p.m. (Pacific time), Lunes hanggang Biyernes.

Numero ng telepono:

Ingles at Spanish: 1-800-300-5616

Cantonese: 1-800-547-3506

Mandarin: 1-866-303-0706

Vietnamese: 1-800-547-2058

California Relay Service (711): Ibigay ang numero ng UI (1-800-300-5616) sa operator

TTY: 1-800-815-9387

Tumulong ang Departamento para sa Patas na Pagtatrabaho at Pabahay sa pamamagitan sa kasunduan ngayong araw.

###